Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Dipolog City 7100

RELEASED
16 MAR 2017

Marso 16, 2017

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababa at Mataas na Paaralang Pampubliko at Pampribado
Guro ng Filipino

Mahal na Ginoo/Madam:

Kalakip nito ay **Memorandum Pangkagawaran Blg. 42, s. 2017** na may pamagat na "**Pambansang Reoryentasyon Sa Panitikan**" **Para sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa antas Elementarya at Sekundarya** ngayong **Abril 19-21, 2017** na gaganapin sa Jose Rizal Memorial State University, Lungsod ng Dapitan, Zamboanga del Norte.

Ang pagsali sa naturang palihan ay sariling gastos ng maging kalahok ang butaw at pamasahe mula at pabalik sa pinanggalingan nila. Ang paglahok sa palihan na ito ay boluntaryo at sa **opisyal na oras** lamang.

Ang mga guro ng Elementarya, Sekundarya na nagtuturo ng asignaturang Filipino at ng mga Tagapagtaguyod sa Filipino ang inaasahang dadalo sa seminar na ito.

Hinihiling ang madaliang pagpapalaganap ng **impormasyon** na ito.

Sumasainyo,

**NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Republic of the Philippines
# Department of Education

08 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 42 , s. 2017

**PAMBANSANG REORYENTASYON SA PANITIKAN**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng **Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan** sa mga sumusunod na petsa at lugar na nakasaad ang *registration fee*:

| Petsa | Lugar | *Registration Fee* |
|---|---|---|
| Abril 19-21, 2017 | Jose Rizal Memorial State University, Lungsod ng Dapitan Zamboanga del Norte | P 1,500.00 (*registration fee, kit* at pagkain) |
| Abril 26-28, 2017 | Bulacan State University Lungsod ng Malolos Bulacan | P 1,000.00 (*registration fee, at kit*) |
| Mayo 17-19, 2017 | La Consolacion College Lungsod ng Bacolod Negros Occidental | P 2,300.00 (*registration fee, kit* at pagkain) |

2. Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

a. matalakay ang mga natatanging katangian ng panitikang Filipino;
b. mailahad ang maka-Filipinong pananaw sa pagtuturo ng panitikan;
c. maipabatid ang iba't ibang lapit sa pagtuturo ng panitikan; at
d. mailahad ang panukalang listahan ng rekomendadong akdang pampanitikan.

3. Ang mga dadalo sa gawaing ito ay ang mga superbisor at guro ng Filipino sa elementarya at sekundarya. Ang mga panayam ay tatalakay sa kahalagahan ng panitikan sa edukasyon, katangian ng panitikang Filipino, maka-Filipinong paraan sa pagtuturo ng panitikan na nakatuon sa panitikang-bayan, prosa, at estado ng panitikan mula sa rehiyon.

4. Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- **Dr. Narcisa N. Bureros**
  Direktor, Sentro ng Wika at Kultura
  Jose Rizal Memorial State University
  Lungsod ng Dapitan, Zamboanga del Norte
  Mobile: 0920-403-4697
  Email: narc_bureros@yahoo.com

- **Prop. Mary S. Bulaong**
  Direktor, Sentro ng Wika at Kultura
  Bulacan State University
  Lungsod ng Malolos, Bulacan
  Mobile: 0923-594-1467
  Email: mary_bulaong@rocketmail.com

- **Dr. Edna C. Fregil**
  Direktor, Sentro ng Wika at Kultura
  Kolehiyo ng La Consolacion
  Lungsod ng Bacolod, Negros Occidental
  Mobile: 0927-270-6463
  Email: fregiledna@yahoo.com

6. Hinihiling ang malawakang pagpapapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:
Wala

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCE
LEARNING AREA, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

MCR/R-DM_Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan
0139/February 14, 2017